# BIBLE STUDY

## Nehemias 10:1-39

March 10-16

PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

**Nehemias 10:1-39**

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

10 Ang unang lumagda sa kasunduan ay ang anak ni
Hacalias na si Nehemias, ang gobernador.
Pagkatapos ay si Zedekias at ang mga paring sina:
Seraias, Azarias, Jeremias,
Pashur, Amarias, Malquijas,
Hatus, Sebanias, Maluc,
Harim, Meremot, Obadias,
Daniel, Gineton, Baruc,
Mesulam, Abijas, Mijamin,
Maazias, Bilga at Semaias.

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

9-13 Sumunod ang mga Levitang sina:
Jeshua na anak ni Azanias,
Binui na mula sa angkan ni Henadad,
at sina Kadmiel, Sebanias,
Hodias,
Kelita, Pelaias, Hanan,
Mica, Rehob, Hashabias,
Zacur, Serebias, Sebanias,
Hodias, Bani at Beninu.

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

14-27 Mula naman sa mga pinuno ng bayan, ang
lumagda sina:
Paros, Pahat-moab,
Elam, Zatu, Bani,
Buni, Azgad, Bebai,
Adonijas, Bigvai, Adin,
Ater, Hezekias, Azur,
Hodias, Hasum, Bezai,
Harif, Anatot, Nebai,
Magpias, Mesulam, Hezir,

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

Mesezabel, Zadok, Jadua,
Pelatias, Hanan, Anaias,
Hosea, Hananias, Hasub,
Halohesh, Pilha, Sobek,
Rehum, Hasabna, Maaseias,
Ahias, Hanan, Anan,
Maluc, Harim at Baana.

# Nehemias 10:1–39

Magandang Balita Biblia

## Ang Kasunduan

28 Kami, ang sambayanang Israel, ang mga pari, mga Levita,
mga bantay-pintuan, mga mang-aawit at mga manggagawa
sa Templo, at ang lahat ng iba pang lumayo sa mga
dayuhang naninirahan sa aming lupain bilang pagsunod sa
Kautusan ng Diyos, pati ang aming mga asawa at ang aming
mga anak na lalaki at babae na pawang may sapat nang pag-
iisip

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

29 ay nanunumpa kasama ng aming mga pinuno at nangangakong tutuparin ang buong Kautusan na ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang lingkod na si Moises. Susundin namin ang lahat ng tuntunin at utos ng Diyos naming si Yahweh.

30 Hindi namin papayagang mag-asawa ang aming mga anak sa mga dayuhang naninirahan sa aming lupain.

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

31 Kung sila'y magtinda ng trigo o anumang paninda
sa Araw ng Pamamahinga, hindi kami bibili sa kanila.

Tuwing ika-7 taon, hindi namin tatamnan ang mga
bukirin at hindi na namin sisingilin ang mga may utang
sa amin.

32 Taun-taon, magbibigay ang bawat isa sa amin ng
halos apat na gramong pilak upang makatulong sa
gastusin para sa Templo

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

33 Magkakaloob kami ng mga sumusunod para sa serbisyo ng
pagsamba doon sa Templo: tinapay na handog, pang-araw-
araw na handog na pagkaing butil, mga handog na susunugin
bilang handog araw-araw, handog sa Araw ng Pamamahinga,
Pista ng Bagong Buwan at iba pang kapistahan, iba pang
handog, ang mga handog para sa kapatawaran ng kasalanan ng
Israel, at iba pang kailangan sa Templo. 34 Kaming lahat ay
magpapalabunutan taun-taon, ang mga pari, mga Levita at mga
mamamayan, para malaman kung aling angkan ang magdadala
ng kahoy na panggatong sa mga handog sa altar ni Yahweh na
ating Diyos ayon sa itinatakda ng Kautusan.

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

35 Taun-taon ay dadalhin din namin sa Templo ni Yahweh
ang unang ani ng bukirin at ang unang bunga ng mga
punongkahoy. 36 Dadalhin din namin sa mga pari na
maglilingkod sa Templo ang mga panganay naming anak
na lalaki upang ilaan sa paglilingkod sa Diyos; gayundin
ang panganay na anak ng baka, tupa at kambing para
naman ihandog ayon sa itinatakda ng Kautusan.

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

37 Magdadala rin kami taun-taon ng minasang harina mula
sa unang ani ng trigo at iba naming mga handog na alak,
langis ng olibo at lahat ng uri ng bungangkahoy. Magbibigay
rin kami sa mga Levita ng ikasampung bahagi ng mga inani
sa aming bukirin. Ang mga Levitang ito ang naglilikom ng
mga ikasampung bahagi at magdadala ng mga ito sa
Templo. 38 Sasamahan ng mga pari mula sa angkan ni
Aaron ang mga Levitang tagapaglikom ng ikasampung
bahagi. Ang ikasampung bahagi nito ay dadalhin nila sa
kabang-yaman ng Templo para gamitin doon.

# Nehemias 10:1-39

Magandang Balita Biblia

39 Ang mga Israelita at ang mga Levita ang magdadala ng mga naipong trigo, alak at langis para itago sa mga bodega ng mga kagamitan sa Templo. Dito nakatira ang mga paring naglilingkod, ang mga bantay-pintuan at ang mga mang-aawit. Hindi namin pababayaan ang Templo ng aming Diyos.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Nehemias 10:1-39

"Gusto kong maging tapat kay Cristo sa lahat ng bagay at personal kong tutuparin ang mga pangako ko sa Kanya."

Ang teksto ay naglalarawan kung paano ang mga Israelitas ay pumasok sa isang binding agreement o covenant mula sa nakaraang kabanata.

## Sino ang mga lumagda ng kasunduan para sa mga tao ng Israel (10:1-27)?

PAGTUKLAS 1

Nehemias 10:1-39

Ang teksto ay naglalarawan kung paano ang mga Israelitas ay pumasok sa isang binding agreement o covenant mula sa nakaraang kabanata.

Bukod sa kanila, sinu-sino pa ang mga nagpahayag na susundin nila ang Kautusan ng Diyos na ibinigay sa pamamagitan ni Moises, at masusing susundin nang maingat ang lahat ng mga utos, regulasyon, at dekreto ng Panginoon (10:28-29)?

PAGTUKLAS 2

Nehemias 10:1-39

Ang teksto ay naglalarawan kung paano ang mga Israelitas ay pumasok sa isang binding agreement o covenant mula sa nakaraang kabanata.

## Ano ang mga ipinangako nila?

PAGTUKLAS 3

Nehemias 10:1-39

Ano ang isang kovenant? Paano ito iba sa isang kontrata? Banggitin ang iba pang mga kovenant na nabanggit sa Bibliya

PAG-UNAWA 1

Nehemias 10:1-39

Bakit nga ba pumasok ang mga tao sa kasunduang ito? Ano ang layunin nito?

PAG-UNAWA 2

Nehemias 10:1-39

Ang mga pangako o utos na nabanggit sa mga talatang 30-38, ito rin ba ay may bisa sa ating panahon, at dapat pa rin ba nating sundin?

PAG-UNAWA 3

Nehemias 10:1-39

Mag-isip at suriin ang iyong mga araw-araw na desisyon at pamumuhay. Gaano ka seryoso sa iyong paglalakbay kasama si Jesus? Buo ba ang iyong pagsunod sa Kanyang kalooban? Paano mo iniuugnay ang iyong sarili sa Diyos at paano mo sinusunod ang Kanyang Salita mula sa pusong puno ng pagmamahal? Paano mo iniiwasan ang pagiging legalistic?

Nehemias 10:1-39

PAGTUGON

1

Ang pagbabalik-loob at paglago ng espiritwal ay nagaganap kapag tayo'y sumusunod sa Diyos at tinutupad ang ating mga pangako sa Kanya. Ibigay ang isa o dalawang talata mula sa Bibliya na itinuturo sa iyo ng Panginoon na isabuhay sa iyong buhay.

2

Nehemias 10:1-39

PAGTUGON

Nangako ka na ba noon sa Diyos (sa sulat o sa panalangin)? Natupad mo ba ito? Anong mga pangako ang nais mong ibigay sa Diyos ngayon? Magdasal tayo para sa isa't isa na bigyan tayo ng Diyos ng biyaya, kababaang-loob, at determinasyon na tuparin ang ating pangako o tipan sa Kanya.

3

Nehemias 10:1-39

PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

"Gusto kong maging tapat kay Cristo sa lahat ng bagay at personal kong tutuparin ang mga pangako ko sa Kanya."

# TAKE HOME PRINCIPLE

**Nehemias 10:1-39**

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER




PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584